| | |
|---|---|
| **Kagawaran ng Hustisya ng California**<br>**DIBISYON NG TAGAPAGPATUPAD NG BATAS**<br>**Luis Lopez, Gumaganap na Pinuno** | ***INFORMATION BULLETIN*** |

| *Paksa:* | *No.* | *Impormasyon para sa Pakikipag-ugnayan:* |
|---|---|---|
| **Proseso ng Nominasyon sa Public Safety Officer Medal of Valor – Taon ng Kalendaryo 2023** | 2024-DLE-01<br>*Petsa:*<br>01/23/2024 | Medal of Valor Program<br>(916) 210-6688<br>MedalofValor@doj.ca.gov |

**PARA SA: MGA AHENSYA NG OPISYAL NG PAMPUBLIKONG KALIGTASAN**

Ang Public Safety Officer Medal of Valor ay ang pinakamataas na parangal ng estado para sa kagitingan na iginagawad sa isang opisyal ng pampublikong kaligtasan. Alinsunod sa Government Code Section 3401, may awtoridad ang Gobernador na igawad ang Public Safety Officer Medal of Valor sa isa o higit pang tao, na binanggit ng Attorney General, para sa kanilang pambihirang kagitingan na higit pa kaysa sa tawag ng tungkulin. Inatasan ang Department of Justice (DOJ) sa pangangasiwa sa prestihiyosong programa ng paggawad na ito. Ang mga pakete ng nominasyon sa taong kalendaryo 2023 para sa Public Safety Officer Medal of Valor ay maaaring isumite sa DOJ simula Enero 1, 2024 at dapat naka-postmark bago ang **Mayo 1, 2024**.

**<u>Mga Gabay sa Paggawad</u>**

Dapat matugunan ng mga nominado para sa Public Safety Officer Medal of Valor ang mga sumusunod na *kinakailangang* pamantayan:

**I. Kategorya ng Opisyal ng Pampublikong Kaligtasan**
- A. Bumbero
- B. Opisyal na Nagpapatupad ng Batas
  - 1. Opisyal ng Kapayapaan
  - 2. Opisyal ng Correctional
  - 3. Opisyal ng Hukuman
  - 4. Civil Defense Officer
- C. Opisyal ng mga Serbisyong Pang-emergency (Emergency Medical Technician/ Paramedic—kabilang ang pribadong Emergency Medical Technician/Paramedic na nakakontrata sa isang pampublikong ahensya)
- D. Ocean Lifeguard

**II. Katayuan sa Oras ng Pangyayari**
- A. Binayaran
- B. Reserba
- C. Boluntaryo para sa Pampublikong Ahensya

(Hindi karapat-dapat: Retirado, Honorary, Militar, Federal, Nakaunipormeng Hindi Nanumpa, hal., Crime Scene Technician, Crime Scene Responder, Records Officer, atbp.)

**III. Pamantayan ng Paggawad**

*Mga kinakailangang pamantayan. Dapat matugunan ng mga nominasyon ang* *lahat* *ng sumusunod* (Mga Item A hanggang E):

A. Ang mga nominasyon ay dapat gawin ng punong opisyal ng pampublikong kaligtasan sa hurisdiksyon kung saan naganap ang kabayanihan. Kung nangyari ang kabayanihan sa labas ng hurisdiksyon ng nagpapatrabahong ahensya, dapat ding aprubahan ng punong opisyal ng pampublikong kaligtasan ng nagpapatrabahong ahensya ang nominasyon.

B. Ang gawad ay para sa iisang kabayanihan (24 na oras pababa) sa naunang taon ng kalendaryo (Enero 1, 2023 hanggang Disyembre 31, 2023).

C. Maaaring nasa on-duty o off-duty status ang nominado.

D. Pagkilala para sa pambihirang kagitingan na higit pa kaysa sa tawag ng tungkulin.
  1. Tinukoy ang pambihira bilang “higit sa karaniwan o kinaugalian; lubhang katangi-tangi, kapansin-pansin.”
  2. Tinukoy ang kagitingan bilang “lakas ng loob at katapangan, tulad ng sa labanan; walang takot.”

E. Araw-araw ay nahaharap sa panganib ang mga opisyal ng pampublikong kaligtasan; kaya, ang pagkilalang ito ay para sa:
  1. Isang kagitingan na napakabihirang makatagpo at lubos na kapansin-pansing higit sa pamantayan ng katapangan ng opisyal ng pampublikong kaligtasan; o
  2. Isang sitwasyon na mayroong seryoso at agarang banta sa buhay ng nominado.

**IV. Sertipikasyon ng Ahensya**

Dapat patunayan ng nagnominang pinuno ng ahensya sa abot ng kanilang kaalaman na ang nominado ay nasa mabuting katayuan sa nagpapatrabahong ahensya at sa kanilang komunidad.

**V. Sertipikasyon ng Nominado**

Dapat sumang-ayon ang nominado na dumalo para sa seremonya ng paggawad.

Ang sumusunod na iba pang pamantayan sa pagsasaalang-alang ay *opsyonal*, ngunit maaaring isaalang-alang ng Review Board:

**I.** Itinaya ng nominado ang kaniyang buhay para iligtas ang buhay ng isa pang opisyal ng kaligtasan o sibilyan.

**II.** Sa kabayanihang ito, ipinakita ng nominado ang pambihirang antas ng propesyonalismo na naaangkop sa kanilang espesyalidad:

A. Mga taktika, kahusayan sa pagbaril, o pamumuno
B. Mga kasanayan sa paglaban sa sunog o pagsagip
C. Kaalaman o kasanayang medikal

**III.** Nagpakita ang nominado ng pambihirang personal na katangian:

A. Lakas ng loob
B. Katatagan
C. Pagiging kalmado sa harap ng panganib

**IV.** Natapos ng nominado ang nakatalagang misyon:
- A. Nahuli o napatay ang suspek
- B. Nailigtas ang tao
- C. Nailigtas ang buhay

**Proseso ng Nominasyon**

Dapat ihanda ang mga pakete ng nominasyon nang may kompletong detalye at sumusunod sa mga alituntuning nakapaloob sa bulletin na ito upang matiyak ang wastong pagsasaalang-alang ng Review Board. Dapat kasama sa mga nominasyon ang:

**I.** Ang Form ng Public Safety Officer Medal of Valor Nomination upang matiyak na natugunan ang lahat ng salik.

**II.** Impormasyong nagpapaliwanag kung ano ang nangyari sa panahon ng insidente (ibig sabihin, mga diagram, footage ng body camera, tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, distansya, time lag, unang mga opisyal sa eksena, atbp.).

**III.** Maaaring inomina ang mga ipinahiram na opisyal ng mga multi-jurisdictional task force ng pinuno ng kanilang nagpapatrabahong ahensya o ng kung saan sila nagtatrabaho sa panahon ng insidente.

**IV. Ang liham ng nominasyon ng Medal of Valor Award at/o Form ng Public Safety Officer Medal of Valor Award Nomination ay dapat pirmahan ng nagnominang pinuno ng ahensya (tinukoy bilang ang namamahala sa departamento o ahensya, tulad ng Sheriff, Chief, o Direktor); hindi tatanggapin ang nominasyon kung wala ang naaangkop na pirma.**

**V.** Isang elektronikong kopya ng lahat ng materyales sa aplikasyon.

**VI.** Isang digital na larawan ng nominado (Class A o nakauniporme).

Hindi isasaalang-alang ang mga pakete ng nominasyon na isinumite na hindi kumpleto**,** mali, o natanggap pagkatapos ng postmark. Kinakailangan ang malinaw at maigsing impormasyon. Ang lahat ng nominasyon para sa pagkilala para sa Public Safety Officer Medal of Valor ay **dapat na naka-postmark bago ang Mayo 1, 2024.** Hindi isasaalang-alang ang mga nominasyon na naka-postmark pagkatapos ng petsang ito.

Available ang form ng nominasyon sa website ng Attorney General's Medal of Valor: https://oag.ca.gov/medalofvalor.

Maaaring ipadala sa koreo ang mga nominasyon sa sumusunod na address o i-email sa MedalofValor@doj.ca.gov.

ATTN: Hannah Torres
Medal of Valor Review Board
Kagawaran ng Hustisya ng California
Dibisyon ng Tagapagpatupad ng Batas
1300 I Street, Suite 1140
Sacramento, CA 95814